**Pamagat**: Lakas Laban sa Kahinaan ng Laman

**Texto**: 1 John 2:1-2 "My little children, these things write I unto you, that ye sin not. And if any man sin, we have an advocate with the Father, Jesus Christ the righteous: (v.2) And he is the propitiation for our sins: and not for ours only, but also for the sins of the whole world."

*Pagsasalin*: Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid: (v.2) At siya ang pamayapa sa ating mga kasalanan; at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanglibutan din naman. (1 Juan 2:1-2)

**Panimula**:

1. Ito ay ang kalooban ng Diyos para sa mga Christiano, na maiiwasan natin ang kasalanan. (v.1) "That ye sin not." – Masigasig na labanan natin ang ating likas na makasalanang sarili.
2. Pero dahil sa kahinaan ng laman, paminsanminsan tayo ay sumusuko sa kasalanan at maari itong magresulta ng kawalan ng pag-asa, o ng desperasyon.
3. Sa awa ng Diyos binibigyan tayo ng panibagong kapatawaran at ito ay dahil sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo.

**I. Si Jesus ay ang ating Tagapagtanggol** (o Tagapamagitan): "Advocate" with the Father. (v.1)

A. Ang Salitang Advocate ay nanggagaling sa Salitang Parakletos o Paraclete.
B. Ang tinatalakay nitong Salitang Paraclete ay patungkol sa batas at depensa. (Parang attyn.)
C. Paraclete: isang tinatawag sa tabi o kaagapay ng isa para tumulong sa kanya.
D. Counsellor, comforter (Jn. 14:16); Helper or Aid; someone to stand by to defend us.
E. Kung ang Banal na Espirito ay ang ating Comforter sa lupa, ibig sabihin na si Jesus ay ang ating Comforter sa langit.
F. Mayroong tuloy-tuloy o walang patid na paglilingkod ang ginagawa ni Jesus para sa atin, ito ay ang kanyang "advocacy" (pagtataguyod) para sa atin.

**II. Si Jesus ay ang ating Katuwiran**: "Jesus Christ the righteous" (v.1)

A. Isa lang ang karapat-dapat na maaring ipagtanggol ang caso natin sa harapan ng Diyos Ama. Si Jesus lamang ang nakakapagbigay lugod sa Diyos Ama.
B. Isa sa mga dahilan kung bakit lahat ng mga pananalangin sa publiko ay dapat na ipanalangin sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, ay sapagka't siya lamang ang nagbibigay luwalhati sa Diyos Ama. (Jn. 14:6)
C. Ang Katuwiran na ibinibigay sa atin ay hindi likas sa ating sarili. Ito ay dayuhang-katuwiran na inilalagay sa atin ng Panginoong Jesus.
D. Ang Katuwiran ng Diyos ay makukuha sa pamamagitan ng pananampalataya. (Rom. 3:22; Heb. 11:7).

**III. Si Jesus ay ang Kabayaran ng mga Kasalanan**: "Propitiation." (v.2)

A. Propitation: Ang ang sacripisyo ni Jesus para mapawi ang galit at hustisya ng Diyos, at matanggal ang ating mga kasalanan.
B. Tingnan ang Rom. 3:25; 1 Jn. 4:10 (at ang texto natin); palagi itong kaakbay ng pagtanggal ng mga kasalanan.
C. "Kasiya-siyang handog;" "Pamayapa;" "ibinigay na handog,"; "Pangpalubag-loob."
D. Ito ay tumutokoy sa handog na nagreresulta sa pamamagitan (intercession) at pagkakasundo (reconciliation) ng Diyos sa tao.
E. Siya ay sabay na pari at handog (Hebreo 9:14). "And not for ours only, but also for the sins of the whole world!" (v.2) – Salvation is not exclusive to the one ethnic group, one class, etc.

**Katapusan**:

1. Sa lahat ng pagkukulang at pagkakamali at pagkakasala ng mga anak ng Diyos, hindi ito sapat para tanggalin ka sa kaniyang kamay. Huwag maghinayang, kumapit ka sa kaniyang puso.
2. Huwag ka rin maghinayang hanggat lahat ng mga mahal mo sa buhay ay nakakakilala sa Tagapagtanggol.